

# Hindi legat ang credit discrimination [masamang pagtangi sa pag-utang]

Sa ilalim ang mga federal na batas, hindi pinahihintulutan ang mga tagapahiram na mag-discriminate laban sa inyo. Kapag nag-apply kayo para sa credit o humiram ng pera, labag sa batas ang pag-discriminate dahil sa:

- Lahi
- Kulay
- Pananampalataya
- Pinanggalingang bansa
- Kasarian (kabilang ang sexual orientation [pagkiling sa kasarian], at inaangkin na kasarian
- Katayuan ng pagkasal
- Edad
- Tumatanggap ng ambag mula sa pantulong na pangmadla

Pinapakita ng listahan sa nauuna ang mga kinukupkop na katangian sa ilalim ng Equal Credit Opportunity Act (ECOA) [batas ng magkatulad na pagkakataon sa pag-utang]. Paminsan-minsan, pinahihintulutan ang mga tagapahiram na magtanong sa inyo tungkol sa bagay sa lista, dahil, unang-una, makakatulong sa tagapahiram na ipakita ng tagapahiram na sumusunod sila sa batas.

Subalit hindi maaaring suyuin kayo ng tagapahiram mula sa pag-apply sa credit, o tanggihan ang pag-apply ninyo, batay sa papaano kayong maaaring ilarawan na gamit iyon listahan (halimbasa, any inyong kasarian o pananampalataya).

Hindi pinahihintulutan ang mga tagapahiram na magsingil ng mas mataas na antas ng patubo o mas mataas na bayarin dahil sa mga kalagayang nasa listahan. Hindi nila maaaring tanggihan ang pag-apply ninyo dahil ginamit ninyo ang mga karapatan ninyo sa ilalim ng mga tanging batas na nagkukupkop ng consumer.

Na may hangganan, pinahihintulutan ang mga tagapahiram na isipin ang mga kalagayan katulad ng kita, utang, at credit history kapag nagpapasya sila kung mag-aalok ng credit sa isang consumer at mga tanging tadhana sa credit.

Tumutukoy ang ECOA sa lahat ng uri ng credit, kasama ang:

- |                                                                                                          |                                                                                                              |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|  Mga utang sa kotse   |  Mga credit card        |
|  Mga utang sa tahanan |  Mga utang sa nag-aaral |
|  Mga utang sa negosyo |  Mga utang sa sarili    |

## Kinukupkop kayo sa ilalim ng Equal Credit Opportunity Act (ECOA)

Federal na batas ang ECOA, na napabatas noon 1974. Ginawang labag sa batas ang credit discrimination at pinapalagay na mananagot ang mga tagapahiram kung labag sila. Pinatutupad nitong batas sa maraming bahagi ng U.S.—kabilang ang CFPB.

## Mga nagbabalang palatandaan ng discrimination

Mas madaling mapansin ng mga tao ang credit discrimination kung handa sila at namamalayan ang mga nagbabalang palatandaan. Hindi nangyayari lamang ang credit discrimination sa kalagayang harapan, na nangangahulugan ng maaaring mahirap mapansin. Malayan kung kayo ay:

- Tinatrato nang kaiba nang harapan kaysa sa phone o online.
- Sinisikap na pigilin na mag-apply sa credit.
- Pinapayuhan o sinasabihan na mag-apply sa isang uri ng utang na may hindi kasing husay ng mga tadhana, (halimbawa, mas mataas ng antas ng patubo)
- Madidinig ang tagapagpahiram na nagpupuna nang pagtanggihan ukol sa lipi, pinanggalingang bansa, kasarian (kabilang ang pagkiling sa kasarian at inaangkin na kasarian), o ibang kinukupkop na katangian.
- Tinanggihan ang credit kahit na nararapat para doon batay sa naka-advertise na hinihingi.
- Inalok ng credit na may mas mataas na antas ng patubo kaysa sa in-apply nila, kahit na nararapat sila para sa mas mababang antas batay sa naka-advertise na hinihingi.

## Kumuha ng legal na pagtulong kung naniniwala kayo na nakaranas kayo ng pag-discriminate laban sa kayo

- Para sa legal na mapagkukunan, na nakalista ayon sa state, dalawin ang: [lawhelp.org](http://lawhelp.org) (sa Ingles)
- Upang malaman ukol sa pagiging dapat para sa pagtulong, mula sa program ng Legal Services, na tinutustusan ng Legal Services Corporation, dalawin ang: [lsc.gov/what-legal-aid/find-legal-aid](http://lsc.gov/what-legal-aid/find-legal-aid) (sa Ingles)
- Hanapin ang office ng attorney general ng state ninyo: [naag.org/find-my-ag](http://naag.org/find-my-ag) (sa Ingles)

## Mga paraan ng maaaring maghanda ang mga tao bago kumuha ng utang

Sa mga kalagayang na nahirapan ang mga tao sa pananalapi, maaaring makatulong sa mga tao ang disaster relief [kaluwagang pangkahamakan] at ibang mga program ng pamahalaan upang iwasan ang pagkuha ng mga utang na mahal o mabiktima ng scam [pandaraya].

## Manaliksik

Magtingin-tingin sa paligid. Matutuhan ang mga pakinabang at panganib ng nagugustuhan ninyongutang o credit card. Manaliksik ng mga kasalukuyang antas ng patubo. Ipaghambing ang mga alok mula sa ilang tagapahiram.

## Alamin ang inyong credit history

Tiyaking walang kamalian o kulang na mga bagay sa mga credit report ninyo. May karapatan kayo na humiling ng isang libreng copy ng kanilang mga credit report bawat taon, mula sa bawat tatlong pinakamalaking company na nag-uulat



ng credit, sa pamamagitan ng pagdalaw sa [AnnualCreditReport.com](https://annualcreditreport.com) (sa Ingles). Kapag dumalaw kayo sa site, maaaring makikita ninyo ang mga hakbang upang makita sa online, nang mas madalas. ang mga binabagong ulat. Nagkakaloob ito sa inyo ng mas mabuting kakayahang subaybayan ang mga pagbabago sa kanilang credit.

Kung kinkailangan, maaaring tanungin ninyo kung maaabot ang credit report sa kanilang gustong wika.

## Magtanong ukol sa kabuuan ng mga gastos

Tingnan hindi lamang sa buwanang bayad. Tiyaking naiintindihan ninyo ang mga antas at ang kabuuang halaga ng patubo at mga bayarin na babayaran sa katagalan. Magtanong kung aling mga bayarin at singil ang maaaring makipag-ayusan.

## Manatiling nangangasiwa

Hindi dapat madaliin kayo ng mga tagapagpahiram o iatraso nang walang dahilan ang pagkilos sa pag-apply ninyo. May karapatan kayo na makatanggap ng nakasulat na infomation—sa maraming kalagayan, nangangahulugan ito na tatanggap kayo ng napapanahong information tungkol sa pagpasya na ginagawa ng tagapahiram sa pag-apply sa credit.

## Tiyakin bago magpirma

Dapat hindi kayo napipilitan na pumirma. Dapat mag-abala kayo upang tiyaking gagana para sa inyo ang kalakal ng credit at mga tadhana. Kung kailangan, dapat magtanong kayo kung may maaabot na pagtulong sa wika ninyo.

## Mga hakbang upang lutasin ang pagtatalo

Nangyayari, paminsan-minsan, ang mga problema sa mga kalakal at paglingkod na pampananalapi, at madalas maaayos kung makikitulungan kayo nang tuwiran sa company. Kahit na, pagkaraan, magharap kayo ng reklamo sa CFPB o kumuha ng attorney, makakatulong kung mauunang gumalaw kayo.

Maaabot ang pinakamaraming company sa telephone, e-mail, online chat, buson, o social media. Mga payo na makakatulong:

- Huwag kailanman magpaskil ng pansariling data sa social media o mga site na pang-review
- Iwasan ang galit, nanunuya, o nanakot na salita
- Punahin nang nakasulat habang nangyayar—kung sino ang nakusap ninyo, kailan, at ano ang sinabi nila.

Bago makiugnay kayo sa company, dapat handa kayo at may maaabot na information.

- Pangalan, address, phone number at account number o transaction number
- Ano ang nangyari—kasing linaw sa pinakakaya at nauukol sa paksa
- Ano ang gusto ninyo upang ayusin ang problema
- Mga papeles at screen shot [larawan ng screen ng computer] upang ipakita ang nangyari

## Magharap ng reklamo

Mayroon problema as isang kalakal o paglingkod na pampananalapi? Ipapadala namin ang reklamo ninyo sa company at magsasagawa na makatanggap kayo ng sagot—sa pangkalahatan, sa loob ng 15ng araw.

## Makiugnay sa amin



Online

[consumerfinance.gov](https://consumerfinance.gov) (sa Ingles)



Sa phone

(855) 411-CFPB (2372)

(855) 729-CFPB (2372) TTY/TDD



Sa buson

Consumer Financial Protection Bureau

P.O. Box 2900

Clinton, IA 52733-2900



Magharaop ng reklamo

[consumerfinance.gov/complaint](https://consumerfinance.gov/complaint)